Title I, Part A ng Every Student Succeeds Act (ESSA)

Naglalaan ng pinansyal na tulong sa mga estado at Local Educational Agency (LEA) upang matugunan ang mga pangangailangan sa edukasyon ng mga mag-aaral. Ang mga karagdagang suporta sa pag-aaral na ito ay tutulong sa mga mag-aaral na matugunan ang mahihirap na pamantayang pang-akademiko ng estado at mabawasan ang agwat sa oportunidad sa edukasyon.

Ipinakikita ng pananaliksik na kapag ang mga paaralan, pamilya at grupo ng komunidad ay nagtutulong-tulong para suportahan ang pagtuturo, kadalasang mas maganda ang performance ng mga bata sa paaralan, hindi nagmamadaling umuwi, at mas nagugustuhan nilang pumasok sa paaralan.

Opisina ng Title I, Part A
Office of Superintendent of Public Instruction
Old Capitol Building
PO Box 47200
Olympia, WA 98504-7200
360-725-6100

U.S. Department of Education
1-800-USA-LEARN (872-5327)

Naglalaan ang OSPI ng patas na access sa lahat ng programa at serbisyo nang walang diskriminasyon batay sa kasarian, lahi, paniniwala, relihiyon, kulay, bansang pinagmulan, edad, status na beterano o militar na may marangal na pagpapaalis, sekswal na oryentasyon kabilang na ang pagpapahayag o pagkakakilanlan ng kasarian, pagkakaroon ng anumang kapansanan sa pandama, mental, o pisikal, o ang paggamit ng sinanay na gabay na aso o serbisyong hayop ng isang taong may kapansanan. Ang mga tanong at reklamo ng di-umano'y diskriminasyon ay dapat na idulog sa Equity and Civil Rights Director sa (360) 725-6162 o P.O. Box 47200 Olympia, WA 98504-7200..

Gabay ng Pamilya

Ano ang Title I, Part A?

Office of Superintendent of Public Instruction,
Title I/LAP Department

Aling mga paaralan ang binibigyan ng Serbisyo ng Title I, Part A?

Nagbibigay ang programa ng serbisyo sa mga mag-aaral na nasa maagang yugto ng pag-aaral, mga programa para sa preschool, at kindergarten hanggang sa high school na nagpamalas ng pangangailan para sa karagdagang tulong pang-edukasyon. Ang mga serbisyo ng Title I, Part A ay makukuha ng mga kwalipikadong mag-aaral na pumapasok sa isang pribadong paaralan, na humiling na makibahagi sa programang Title I, Part A.

Ano ang iaalok ng Title I, Part A sa aking anak?

Ang Title I, Part A ay isang programang pederal na naglalaan ng mga karagdagang serbisyo at aktibidad sa pagtuturo. Ang mga karagdagang suportang ito ay tutulong sa mga mag-aaral na matugunan ang mahihirap na pamantayang pang-akademiko ng estado at mabawasan ang agwat sa oportunidad sa edukasyon.

Ang karagdagang tulong sa pagtuturo ay maaaring:

- Mga materyal sa pagtuturo na dagdag sa regular na itinuturo sa mag-aaral
- Mga guro at tulong sa pagtuturo
- Pang-isahan o pangmaliit na grupong pagtuturo
- Mga ekstrang suporta sa pag-aaral

Paano natatanggap ng mga paaralan ang mga pondo ng Title I, Part A?

- Una, naglalaan ang pamahalaang pederal ng pondo sa bawat estado batay sa data ng sensus. Pagkatapos, bawat State Educational Agency (SEA) ay magbibigay ng pera sa mga Local Educational Agency (LEA) nito. Aalamin ng mga LEA ang mga paaralang kwalipikadong makatanggap ng pondo ng Title I, Part A sa pamamagitan ng pagsunod sa mga panuntunan ng ESSA Title I, Part A.
- Bilang panghuli, aalamin ng bawat LEA kung alin sa mga paaralan nito ang makakatanggap ng mga serbisyo sa programang Title I, Part A batay sa porsyento ng Free and Reduce Lunch ng paaralan. Pakatapos, ang paaralan ay:

1. Tutukoy kung sinong mag-aaral ang nangangailangan ng karagdagang tulong sa edukasyon batay sa mga kinakailangang pamantayan. HINDI kailangang nagmula ang mga mag-aaral sa mga pamilyang may maliit na kita upang makatanggap ng mga serbisyo ng Title I, Part A.
2. Magtatakda ng mga tunguhin sa kanilang paaralan upang mapasulong ang mga kasanayan ng mga mag-aaral na mahina sa kanilang paaralan.
3. Bubuo ng mga programa para sa bawat indibidwal na mag-aaral upang masuportahan/matustusan ang regular na pagtuturo sa silid-aralan.
4. Susukat sa pagsulong ng mag-aaral upang matiyak na magtatagumpay ang programang Title I, Part A sa bawat mag-aaral.

Mga Magulang at Pamilya

Maaari kang makatulong sa ikatatagumpay ng iyong anak sa pamamagitan ng pagiging isang aktibong kalahok sa paaralan ng iyong anak:

- ✓ **Makipagtalastasan:** Pananatiling may kaalaman at agarang pagtugon sa lahat ng pakikipagtalastasang nagmumula sa paaralan o sa distrito ng paaralan.
- ✓ **Maging isang halimbawa:** Pagpapakita sa iyong anak na mahalaga ang edukasyon sa pamamagitan ng pagbabasa, pagdalo sa mga pagpupulong para sa magulang/guro, at pagdalo sa mga “open house.”
- ✓ **Magboluntaryo:** Pagboboluntaryo sa paaralan ng iyong anak at pagtulong sa mga ekstra-kurikular na aktibidad. Makibahagi at sumuporta sa mga aktibidad sa paaralan na may pakikibahagi ng magulang.
- ✓ **Matuto:** Kung paano tutulungan ang iyong anak sa pangsilid-aralang gawain, takdang aralin sa bahay, at mga planong pang-edukasyon sa hinaharap.
- ✓ **Makisangkot:** Pagsali sa mga organisasyon ng paaralan/magulang, mga team sa pagpapasulong ng paaralan, mga konseho ng Title I, Part A na nagpapayo sa magulang, at iba pang mga komiteng para sa magulang.
- ✓ **Makipagtulungan sa komunidad:** Pakikibahagi sa mga aktibidad ng magulang kasama ng iba pang pamilya, pag-alam at paggamit sa mga pinagkukunan ng lokal na komunidad, tulad ng mga aklatan, unibersidad, sentrong pangkomunidad, atbp., upang madagdagan ang mga kasanayan at talento upang makakuha ng mga kinakailangang serbisyo para sa iyong anak.

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa Title I, Part A, bisitahin kami online sa:

http://www.k12.wa.us/TitleI